

## HUMANISMONG PANANAW SA BUHAY

### ANO ANG PANANAW SA BUHAY?

Kapag sinabi natin na ang isang tao ay may pananaw sa buhay, nangangahulugan ito na mayroon siyang ilang mga tiyak na iniisip tungkol sa kung paano nabuo ang mundo, at kung ano ang kahulugan ng buhay, kung ano ang mga pinahahalagahan at panuntunan ng buhay na importante sa kanila, at kung ano ang mangyayari pagkatapos mamatay. Ang pananaw sa buhay ay kung paano natin tinitingnan o naiintindihan ang buhay at kung ano ang tama at mali

### ANO ANG HUMANISTANG PANANAW SA BUHAY?

Sa relihiyosong pananaw sa buhay, ang diyos o mga diyos ang nasa gitna. Sa makataong pananaw sa buhay, ang tao ang nasa gitna.

Ang mga humanista ay hindi naniniwala sa mga diyos o na may buhay pagkatapos ng kamatayan. Naniniwala sila sa taong umaako ng responsibilidad at gumagawa ng magandang buhay para sa kanyang sarili at para sa iba pang tao upang mamuhay nang malaya at walang kahirapan. Inaalagaan din nila ang kalikasan.

Ang ilan sa mga humanista ay mga ateista. Ang ateista ay isang taong hindi naniniwala sa Diyos o sa buhay pagkatapos ng kamatayan. Ang ibang mga humanista ay mga agnostiko. Ang agnostiko ay isang taong nagdududa kung mayroong Diyos.

Ang mga humanista ay may simbolo na ginagamit nila sa buong mundo. Ito ay iginuhit noong 1965 at tinawag na Happy Human. Ang logo ay sumisimbolo sa isang masaya at malayang tao na nakataas ang mga braso sa hangin, o maaaring ito ay isang H para sa humanismo na humahawak sa globo. Humanismo ay nangangahulugang tao.



## ANO ANG MAHALAGANG PANANAW SA BUHAY NG ISANG HUMANISTA?

- Ang tao ay bahagi ng kalikasan. Dapat nating tratuhin ang kapwa tao at kalikasan nang mabuti.
- "Ang Gintong Aral: Gawin mo sa iba ang gusto mong gawin nila sa iyo!
- Naniniwala ang mga humanista na ang mga tao ay may konsensiya, katuwiran at damdamin. Samakatuwid maaaring malaman kung ano ang tama at mali nang walang tulong ng mga diyos o relihiyon.

## INTERNASYONAL HUMANISMO – IHEU

- Ang mga humanista ay nagtatag ng isang internasyonal na organisasyon sa Amsterdam noong 1952. Ito ay kumakatawan sa higit sa 3 milyong mga miyembro sa humigit-kumulang na 40 bansa.
- Ang ginagawa ng IHEU ay tiyak na ang mga karapatang pantao ay iginagalang at ang lahat ay mabibigyan ng pagkakataon na magkaroon ng maayos na buhay.

Ang Amsterdam na Deklarasyon ay mayroong 7 puntos tungkol sa kung ano ang humanismo:

1. Ang humanismo ay etikal.
2. Makatuwiran ang humanismo.
3. Sinusuportahan ng humanismo ang demokrasya at karapatang pantao.
4. Ang humanismo ay tungkol sa kalayaan para sa bawat isa at responsibilidad para sa komunidad.
5. Ang humanismo ay isang alternatibo sa relihiyon.
6. Pinahalagahan ng humanismo ang imahinasyon, pagkamalikhain at sining.
7. Ang humanismo ay tungkol din sa maisakatuparan ang sarili at tratuhing mabuti ang kapwa tao at ang kalikasan.

## HUMAN – ETISK FORBUND SA NORWAY (HEF)

for alle, likebehandling av ikke-religiøse mennesker og at homofile skal ha samme rettigheter som heterofile.

Ang Human – Ethical Association sa Norway (HEF) ay itinatag ni Kristian Horn noong 1956 sa Oslo. Ito ay tinatayang may 85,000 miyembro. Nais ng HEF na ang tao ang nasa gitna. Naniniwala sila na ang mga tao ay ipinanganak na malaya, mahalaga at maaaring mag-isip nang mabuti at matino. Ang mga karapatang pantao na pahayag ng UN ay napakahalaga para sa HEF.

Ipinaglalaman ng HEF ang kalayaan ng pananaw para sa lahat, pantay na pagtrato sa mga taong hindi relihiyoso at na ang mga homoseksuwal ay dapat magkaroon ng parehong mga karapatan gaya ng mga heteroseksuwal.

## MGA HUMANISMONG SEREMONYA

Ang HEF ay nag-oorganisa rin ng humanismong seremonya kung saan maaaring ipagdiwang ng mga tao ang mahahalagang araw sa kanilang buhay. Madalas itong ginaganap sa mga pampublikong lugar tulad ng mga bulwagan ng bayan, mga sentrong pangkultura o mga sentro ng komunidad.

## PAGDIRIWANG NG PANGALAN

Navnefest arrangeres for å ønske barnet velkommen til verden og feire at det har fått navn og identitet

Ang pagbibigay ng pangalan sa bata ay ipinagdiriwang upang batiin ang bata sa kanyang pagdating sa mundo at ipagdiwang na nabigyan ito ng pangalan at pagkakakilanlan.



## HUMANISMONG KUMPIRMASYON

Humanistisk konfirmasjon er et kurs i etikk og livssyn. Kurset avsluttes med en høytidelig seremoni. Alle ungdommer som ønsker det, kan velge Humanistisk konfirmasjon.

Ang kumpirmasyon ay isang kurso sa etika at pananaw sa buhay. Ang kurso ay nagtatapos sa isang taimtim na seremonya. Ang lahat ng kabataang gustong gawin ito ay maaaring pumili ng humanisimong kumpirmasyon.



## HUMANISMONG KASAL

Ang kasal ay isang maganda at nakakapukaw-damdamin na seremonya na ipinagdiriwang na at nagpapatunay na pinili ng dalawang tao ang isa't isa. Ang kasal ay para sa parehong heterosexual at homosexual na mag-asawa. Upang makasal sa humanismong paraan, ang isa sa mga ikakasal ay dapat miyembro ng HEF.



## LIBING

Gravferd er en seremoni til minne om den døde. Det finnes ingen humanistisk gravplass, så den døde blir vanligvis gravlagt på kirkegården.

Ang libing ay isang seremonya bilang pagalaala sa namatay. Walang sariling libingan para sa humanismong libing kaya ang mga patay ay karaniwang inililibing sa sementeryo.



## MUSIKA, SINING AT ARKITEKTURA NG MGA HUMANISTA

### MUSIKA

Ang mga humanista ay walang eksklusibong uri ng musika na sarili, ngunit ang kanilang musika at mga kanta ay may mensahe ng kapayapaan, katarungan at pag-ibig.

### SINING

Ito ay isang pagpapahayag ng pamantayan ng mga tao at iba pang mga ideyang makatao tungkol sa tao.

### ARKITEKTURA

Ito ay naglalarawan ng mga pamantayang makatao at maaaring magbigay ng mas pantay na pakikipag-ugnayan ng tao sa isa't isa at ng kapaligiran, kaysa sa uri ng arkitektura na nagpapahayag ng kapangyarihan at karilagan. Ang pananaw sa buhay ng humanismong arkitektura ay batay sa ideya na dapat makaramdam ang mga tao na malugod silang tinatanggap at magaan ang kanilang pakiramdam sa isang gusali.